



PANALANGIN NG
Panaghoy

BATAY SA
Awit 13

*Hanggang kailan, Yahweh, ako'y iyong lilimutin?
Gaano katagal kang magtatago sa akin?*

*Gaano katagal pa itong hapdi ng damdamin
at ang lungkot sa puso kong gabi't araw titiisin?
Kaaway ko'y hanggang kailan magwawagi sa akin?*

*Yahweh, aking Diyos, tingnan mo ako at sagutin,
huwag hayaang mamatay, lakas ko'y panumbalikin*

*Baka sabihin ng kaaway ko na ako'y kanilang natalo,
at sila'y magyabang dahil sa pagbagsak ko.*

*Nananalig ako sa pag-ibig mong wagas,
magagalak ako dahil ako'y ililigtas.*

*O Yahweh, ika'y aking aawitan,
dahil sa iyong masaganang kabutihan.*



Rev. Alka Lyall

*Clergy - Northern
Illinois Conference
Pastor - Broadway
United Methodist
Church
Chicago, IL*

Diyos ng biyaya, ang sakit sa aming paligid ay hindi maipaliwanag.

Ang pagdurusang nakikita namin araw-araw ay nagagawang kuwestiyonin namin ang Iyong pag-iral at presensya sa mundong ito. Ang lahat ng gawaing ginawa para sa katarungang panlahi at panlipunan ay tila hindi sapat. Hanggang kailan Mo ikukubli ang Iyong mukha sa amin, O Banal na Diyos? Hanggang kailan kami magdurusa bago Mo kami bigyang-pansin?

Patuloy naming nakikita ang mga buhay ng BIPOC at trans na pinaikli, mga taong itinuturing na hindi karapat-dapat at hindi nakikita, at mga imigranteng binansagan bilang mga dayuhan. Ang aming mga puso ay nadudurog sa tuwing nalalaman naming isa pang maitim na tao ang pinatay, isa pang kayumangging tao ang pinaslang, isa pang katutubong bata ang pinilit na magsalita ng Ingles, isa pang trans na tao ang nawawala at kalaunan ay natagpuang patay. Nararanasan namin ang galit kapag nakikita naming humihigpit ang mga hangganan, itinatayo ang mga bakod at ang mga kabataang ang bansang ito lamang ang alam, ay ipapatapon sa lupaing hindi pa nila nakita. Kami ay nananaghoy sa hindi patas na mga paghihigpit sa pagboto, nakakaranas ng kahirapan ng pagkain at bumibisita sa mga maaayos na komunidad na patuloy na inililipat ang mahihirap at kapus-palad na mga tao.

Hinahanap namin ang hustisya araw-araw! Kami ay araw-araw na nakakaramdam ng pagkatalo! Higit man naming subukan, mas humihigpit ang pagkakahawak ng naghaharing puti upang hawakan ang aming mga leeg. Nararamdaman naming mag-isa kaming lumalaban. Tila, itinatago Mo ang Iyong mukha sa amin, Diyos na lumikha! Hanggang kailan namin mararanasan ang pagkatalong ito? Hanggang kailan namin titiisin ang sakit? Gaano katagal bago namin malanghap ang sariwang hangin ng pagkamakatao at katarungan?

Pagod na kami Panginoon! Wala na kaming luhang maiiyak. Wala kaming lakas. Kami ay namamanhid. Nais naming sumuko. Tingnan Mo kami, banal na Karunungan! Maawa Ka sa Iyong bayan! Ibalik ang pag-asa sa amin! Ipakita sa amin ang mga palatandaan ng Iyong presensya. Pakinggan ang aming mapagkumbabang mga daing! Tulungan Mo kami Banal na Diyos, na huwag balewalain ang aming galit at pagkabigo, ngunit ibahagi ito sa Iyo sa paraang muling magpapasigla sa amin upang ipagpatuloy ang gawain: humanap ng katarungan, humingi ng pagkamakatao para sa lahat at maging bahagi kasama ang nasasaktan.

Sa ngalan ni Hesus, kami ay nananalangin- AMEN.



Alma W. Pérez

*Direktor, Hispanic/
Latino Resourcing
Nashville, TN*

Pinalilibutan ako ng takot sa lahat ng dako. Sa araw, nalulula ako sa masasamang balita: patayan sa pamilihan; pulis na umaabuso at pumapatay gamit ang kanyang kapangyarihan; Ang Iyong nilikhang nagrerebelde laban sa makasariling pag-uugali ng tao na nagdudulot ng polusyon at pagsasamantala; mga taong namamatay mula sa Covid; ang kamangmangang itinaguyod ng idolatriya ay hindi nagpapahintulot ng pagpapagaling; ang intolerableng bigat ng pader (nakikita at hindi nakikita) na ipinataw ng pribilehiyo, rasismo at xenophobia.

Hindi na ako naglakas loob na magsalita, at nagtago ako sa aking panaghoy. Ang aking banyagang punto ay nakakasakit sa pandama ng mga taong iba ang tingin sa akin; dinudurog ako ng aking kasarian sa mababa at hindi mahalagang lugar; ang aking Caribbean na pagkakakilanlan, na gawa sa ingay ng mga tambol, lasa ng achiote, mga ritmo ng mga puno ng palma at ang dalampasigan, ay tumama sa etnosentrikong homogeneity.

Sa gabi ay ginugulo ako ng aking mga iniisip at sa lambak ng luha at hindi pagkakatulog ay tinatanong Kita: hanggang kailan, aking butihing Hesus? Kinakain ako ng kawalan ng kapangyarihan.

Ngunit alam kong hindi Mo ako iiwan sa paghihirap na ito; Ikaw ang aking Manunubos! Sa aking panaghoy, ang init ng Iyong presensya ang kaagapay ko; umiiyak Ka kasama ko at inaalo rin ako. Inaalalayan at ginagabayan Mo ako ng Iyong biyaya, pag-ibig at awa. At tulad ng propetang si Habakkuk, tulad ng papuri, ipinapahayag ko:

magagalak pa rin ako at magsasaya,
dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.
Ang Panginoong Yahweh ang sa aki'y nagpapalakas.
Tulad ng usa, tiyak ang aking mga hakbang,
inaalalayan niya ako sa mga kabundukan.
(Habakuk 3: 17-19, CEV)



**Rev. Connie
Semy P. Mella, Th.D**
*Union Theological
Seminary
Pilipinas*

Nasasaktan, kami ay lumalapit sa Iyong harapan, O Diyos.

Pakinggan ang aming pagsusumamo. Buksan ang Iyong mga tainga sa mga daing ng aming mga puso. Bigyang-pansin ang pagdaing ng aming mga kaluluwa. Nakita Mo ang aming kalagayan. Ang masasamang tao ay umuusig sa matutuwid. Ang mga may masamang hangarin ay nagkakat ng mga kasinungalingan upang siraan ang Iyong mga anak. Binabaluktot ng mga mapag-impluwensya ang mga katotohanan upang pasakitan kami.

Hanggang kailan, O Panginoon, na hahayaan mong magtagumpay ang kanilang masasamang gawa? Hanggang kailan Mo kami hahayaang tiisin ang sakit? Hanggang kailan kami mananangis para sa katarungan at katuwiran, kagalingan at kabuuan? Nasaksihan Mo na ba ang sakit ng mga taong inaapi, hinahamak at nadidiskrimina dahil sa kanilang kulay, lahi, katayuan at oryentasyon ng kasarian? Nakita Mo na ba ang mga inosenteng bata na sinalanta ng digmaan sa Ukraine? Narinig Mo na ba ang sigaw ng mga sugatan at mga ulila? Naramdaman Mo na ba ang pagkabalisa ng mga lumilikas at mga bilanggo ng digmaan? Nang mga pahirap at pasakit ng mga pamilyang naiwan?

Kami ay nananaghoy sa pagmamataas ng mga pasimuno ng labanan habang tumatawa silang may pangungutya. Nagdadalamhati kami sa walang kabuluhang mga pagpatay, manipulasyon at pagbaluktot ng Iyong katotohanan. Kami ay labis na nasasaktan dahil sa kasalanan --parehong personal at istruktural-- na naghahasik ng lagim sa buhay ng mga tao at lipunan. Kami ay nababalisa at nananaghoy. Kami ay sumisigaw sa Iyo; makinig sa aming mga panalangin. Mangyaring bigyan kami ng regalong mga luha habang kami ay umiiyak kasama ng Iyong mga tao. Tiyakin sa amin ang Iyong presensya na "bagama't ang mali ay tila napakalakas," Ikaw pa rin ang namumuno. Pakinggan ang aming mga daing, O Diyos. Bigyang-pansin ang aming pagsusumamo at ipagkaloob sa amin ang kagalakan ng Iyong presensya.

Amen.



Rev. Gigi A. Warren
*Ordained Elder,
North Georgia
Board Member, GCORR
Atlanta, GA*

Maawain, Banal at Mapagmahal na Diyos,

Natagpuan namin ang aming sarili sa panahon ng matinding kalungkutan.
Dahil kami ay pagod, kami ay nananaghoy.
Dahil ang aming mga puso ay nawasak, kami ay nananaghoy.
Dahil ang aming espiritu ay nadurog, kami ay nananaghoy.
Dahil ang aming mga kaluluwa ay nais nang manghina, kami ay nananaghoy.

At kapag kami ay nananaghoy, Ikaw ay malapit.
Kapag kami ay nananaghoy, Ikaw ang Hininga ng buhay.
Kapag kami ay nananaghoy, Ikaw ang Siyang nagtataguyod sa amin.

Salamat Panginoon, na kapag kami ay mahina, Ikaw ay malakas.
Salamat Panginoon, na Ikaw ang aming tulong at aming tagapagligtas.
Salamat Panginoon, na ang pag-iyak ang nagdala sa amin sa kabila ng kalungkutan tungo sa habag.
Salamat Panginoon, na kahit sa panaghoy, Ikaw ay nalulugod sa amin.

Salamat sa regalong panaghoy,
Upang higit pa ang aming gawin kaysa pagsisihan ang aming mga kalagayan,
Napagpasyahan din naming matiyagang maghintay sa Iyo upang matugunan kami.

Sa pangalan ni Hesus, amen.



Rev. Leo Yates
Chaplain ng Ospital
Hanover, MD

Ikaw, O Diyos, ay kilala sa maraming pangalan. Alam Mo ang mga panaghoy na dinadala namin sa aming mga puso, tulad ng bakit? Nandiyan na ba tayo? at Hindi Mo ba kaya...? Marami sa amin ang tumitingin sa Iyo kapag ang aming mga panaghoy ay napakabigat upang dalhin at hinahanap ang Iyong ginhawa. Para sa ilan sa amin, nalulula kami sa tindi ng mga problema ng mundo, kasama na ang sa amin.

Hinahanap namin ang Iyong presensya at ang iba pang mga palatandaan kapag kami ay nasa lambak nang napakatagal. Ang digmaan ay muling sinalanta ang aming mundo kung saan muli kaming nabigo bilang sangkatauhang nagpapakita ng pagmamahal at biyaya sa isa't-isa. Nagdarasal kami upang matutunan ang mga landas ng kapayapaan. Panginoon, patawarin Mo kami kapag nag-aambag kami sa rasismo, homophobia, seksismo, pang-aapi at mga gawaing karahasan; sa halip, ipakita sa amin ang mga paraan ng pag-ibig at kabutihang-loob.

Panginoon, parang ang aming mga luha ay hindi matutuyo. Gayunpaman, alam naming kasama Ka namin dahil sa mga paalalang ituon ang aming mga mata sa bundok upang malaman kung saan nanggagaling ang aming tulong. Hinihiling namin sa Iyo na itanim sa aming mga puso ang puno ng biyayang mga salita ni Hesus, "Lakasan ang Iyong loob!" Himukin kami ng mga sandali ng lakas ng loob at lakas na itaas ang aming kamay patungo sa Iyo upang hilahin kami pataas. Kapag ang mga unos sa aming personal o pamilya ay labis na, nawa'y marinig din namin ang mga salita ni Kristo na "Pumayapa! Pumanatag!" Panginoon, kapag nasumpungan namin ang aming mga sarili na nagtatagal sa paanan ng krus, tawagin ang aming atensyon na tumingin sa walang lamang libingan, na nagpapaalala sa amin ng pag-asa at biyayang naghihintay sa amin.

Ikaw pa rin ang aming Diyos at nagpapasalamat kami sa Iyong awa. Amen.

Psalm 22:10 Ako'y nahagis sa Iyo mula sa bahay-bata: Ikaw ay aking Dios mulang dalhin ako sa tiyan ng aking ina.



M. Garlinda Burton
*ng Nashville, Tenn.,
ay United Methodist
deaconess at
developer ng
mapagkukunan para
sa General Commission
on Religion and Race.*

Matalino at Mapagmahal na Diyos, ginawa Mo kaming kamangha-mangha ayon sa Iyong imahe at tinawag kaming lahat na “mabuti.” Gayunpaman, sa aming kasalanan, ang Iyong mga nilalang na tao ay sumasalungat sa Iyo, na nagsasabi, “Hindi! Ang ilang mga tao ay mas mahusay kaysa sa iba. Ang ilan ay mas ‘banal na ginawa’ kaysa iba.”

Panginoon, nangako Kang maghahain ng mesang tumatanggap para sa buong pamilya ng Iyong sangkatauhan. Gayunpaman, hinati namin ang aming sarili sa “kami at sila,” “mayroon at wala,” at “pinagpala at hindi pinagpala.” At ang mga mapang-api ay inalipin, nagnakaw mula sa at nagmataas sa mga inaapi, at hinarang sila sa Iyong hapag.

Hanggang kailan, O Diyos, tatakpan ng kawalang-katarungan ang katarungan? Gaano katagal bago bumagsak ang mga makapangyarihan at ang mga hinahamak ng walang magandang kadahilanan ay maaangat? Gaano katagal bago mapalitan ang kalungkutan ng kagalakan para sa mga taong ginawa sa Iyong imahe, ngunit ibinalik sa pangalawang lugar?

Gaano katagal babalutin ng kapootang panlahi ang Iyong simbahan na parang tingga, upang walang mainit na araw ang sumisikat, ni liwanag ng Anak? Hanggang kailan maghahari ang panunuya at diskriminasyon? Kailan ang Iyong matatag na pag-ibig ay gagana sa aming mga puso, nang higit kaya’t ang kaharian ng Iyong pamilya ay magsisimula ang pamumuhay?

Hayaang bumagsak ang hustisya ngayon, Panginoon. Maglagay ng bagong awit sa puso ng mga inaapi at nang-aapi, upang kaming lahat ay sumayaw sa parehong lugar ng banal na pagsasabi ng katotohanan, paggawa ng katarungan, at—kapag nagawa na namin ang aming gawain—pangmatagalang pagkakasundo. Naghihintay pa rin kami, Matalino at Mapagmahal na Diyos, na kantahin ang bagong awit na Iyon.



Jung Pyo (JP) Hong
Pangunahing Pastor,
Christ Crossman UMC
Falls Church, VA

Mahal kong Diyos.

Minamahal Ka ba? Sa akin. Sa amin.

Sa amin na nabubuhay sa takot. Ng karahasan at pinsala.

Dahil lamang. Mukha kami. May tunog na.

Kakaiba.

Mahalin Mo ang lahat ng iyong mga anak, O Diyos.

Malapit na Diyos.

Malapit Ka ba? Sa akin. Sa amin.

Kapag naglalakad, may lalaking sumisigaw na umuwi!

Kapag ang pandaigdigang pandemya ay sinisisi sa akin nang harapan.

Ang aking pagkakaiba.

Maging malapit sa lahat ng iyong mga anak, O Diyos.

Pakinggan ang Diyos.

Naririni ba kita? *Naririnig* Mo ba ako? Kami?

Ang aming panaghoy. Ang aking pagtatanong sa salmista.

Hanggang kailan? Hanggang kailan ko dapat tiisin ang sakit sa aking kaluluwa?

Maging mahal. Maging malapit.

Dinggin ang mga daing ng lahat ng iyong mga anak, O Diyos.

AMEN.